

Ang Umibig kay Kristo

## Ladies Prayer International Newsletter



United Pentecostal Church

DISYEMBRE 2017

Visit [Ladies Prayer International on Facebook](#) and "like" our page!

### Ang Umibig Kay Kristo

Ni Vercinia Reed



Ang Pag-ibig ay palagiang nag-uumpisa sa masaya, kilig, kung kaya pag tayo ay umiibig, masaya tayong sabihin na “*ako ay in love*”.

Nung nagkakilala kaming mag-asawa, dalawang oras ang aming pagitan, wala pa noong cellphone, kung kaya kami ay nag-uusap sa telepono, *answering machines*, at sulat. Noong unang beses siyang tumawag, wala ako, at noong ako naman ang tumawag, wala din siya. Halos ilang linggo pa ang lumipas bago ko pa siya nakausap talaga at kami ay nag-usap noon ng ilang oras, mula sa kulitan hanggang sa seryosohang usapan, hindi kami maubusan nang sasabihin. Nagsimula kaming pag-usapan ang aming pangarap, kung kaya mula sa pagkakaibigan, nauwi kami sa pag-iibigan.

Na in love ka na ba sa Kanya na Pinakamahalaga sa lahat? Pati rin ba ang ating mga anak? Sa Kanyang mga salita, maaari din nating mahikayat ang ating mga anak na mahal din si

Kristo.

- Maglaan ng oras na makipag-usap sa Kanya. Magbasa ng Biblia, Manalangin para at kasama ang iyong mga anak.
- Magpakita ng Tiwala sa Kanya. Na siya ay Maaasahan. " Tungkol sa Dios, ang kaniyang lakad ay sakdal; Ang salita ng Panginoon ay subok; Siya'y kalasag sa lahat ng sa kaniya'y kumakanlong. " (II Samuel 22:31).
- Ibahagi Siya. Habang kinikilala natin siya, mas lalo natin siya minamahal. Habang ang ating Pag-ibig at pang-unawa ay lumalago, normal na lamang sa atin na sabihin kung gaano siya kadakila.
- Umaksyon. Pakainin ang mga Nagugutom, bihisan ang mahihirap, alagaan ang mga may sakit, magsalita ng may kabutihan. Wag kalimutan ang mga anak na isali, ang pananampalataya at gawa ay hindi hiwalay (James 2:14-26). Wag sayangin ang mga oportunidad na nandyan lamang.
- Ipagdiwang ang iyong relasyon kay Hesus. Gayon ma'y magagalak ako sa Panginoon, Ako'y magagalak sa Dios ng aking kaligtasan. " (Habakkuk 3:18). Umawit ng may galak sa iyong papuri at pagsamba.

Labingsiyam na taong kasal, dalawang anak, maraming responsibilidad, natutunan ko na ang pag-ibig pala ay hindi puro emosyon. Ito ay *choice* na kailangan ay tapat tayo sa ating *commitment* at intensyon. Ang Pag-ibig ng Diyos ay hindi nagmamaliw na *commitment* at *perpektong intentional*. Walang makapaghihiwalay nito sa atin. Pag tayo ay may pagsubok, siya ay tapat na nangako na hindi niya tayo papabaya. Tayo man ay magkamali, siya ay Tapat at Dakila na tayo ay patatawarin. Pag tayo ay wala ng Pag-asa, ang Kanyang Awa ay bago bawat umaga. Ang Kanyang biyaya ay sapat. Napakadakila ng kanyang Pag-ibig!

Ikaw ba ay *committed* sayong pagmamahal para sa kanya nang iyong buong puso, kaluluwa, lakas at isipan? Nais ng Diyos na tayo ay magkaroon ng ganyang relasyon sa Kanya. Siya ay palaging nandyan para sa atin at sa ating mga anak. Ang mahal in si Kristo ay mabuti, ang mahal in siya ng habang buhay ay wala ng hihigit pa. Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan. (III John 1:4).

Tala: Si Vercinia Bailey Reed at asawang si Brad, ay mga AIMers sa United Arab Emirates kung saan sila ay pastor sa Abundant Life Church. May dalawang anak sila, na sila Jaden (10y/o) at Elias (3 y/o) Si Vercinia ay tapos ay BHS and MHS sa Communication Sciences & Disorders and ay nagtatrabaho bilang speech-language pathologist bago lumipat sa UAE noong 2003.

---

## ***Tried Faith or Tired Faith ( Subok o Pagod na Panananampalataya)***

Ni Jerolyn Kelly



Habang masaya akong nakikinig ng ladies Bible study sa aming sambahan, ang aming paksa noon at tungkol sa pananampalataya. Binasa namin ang Hebreo 11, at habang paisa isa kaming nagbabasa ng mga bersikulo, nagkamali ng basa ang isang kapatiran, sa halip na *tried* (subok) *tired* (pagod) ang kanyang nabasa. At sa oras na iyon ay napag-isip ako at mayrong nangusap sa akin ispiritu.

Ilang beses na ba dumating sa akin na ako ay napapagod sa aking pananampalataya? Malamang hindi lamang ako, marami sa atin ay dumarating sa ganitong panahon ng ating pananampalataya. Ito ay reyalidad, at kagaya din ni Abraham na ating ama sa Pananampalataya, kasama ang kanyang asawa na si Sara, dumating din sa kanila ang pagkapagod. Napakatagal nilang naghintay na magkaroon ng anak, saludo ako kay Sara, ako ay galing sa ibang bansa, hindi ko alam kung kaya ko ang ginawa ni Sara, Noong umalis ako dati, alam ko kung saan ako tutungo, samantalang si Sara, noong umalis siya, hindi niya alam saan siya makakarating.

Kadalasan, tayo ay dumarating sa Panahon na ang ating Pananampalataya ay napapagod. Ginagawa natin ang mga bagay na tama at mabuti. Tayo ay nagtitiwala sa mga pangako ng Diyos, palagi tayo ay mukhang malakas, palaging positibo ang ating mga sinasabi. Kumakain tayo ng maayos, nakakatulog ng mabuti, at iniingatan ang ating mga katawan. Nanalangin tayo, nagbababasa at pinagninilayang mabuti ang salita ng Diyos, tayo ay namumuhay ng may katapatan at kabanalan, nag-eebanghelyo, nangangaral, nagtuturo, at nagpapalakas sa iba, Hindi naman tayo sumusuko, ngunit minsan tayo ay napapagod pisikal man o ispiritwal,

Balik tayo kila Abraham at Sarah, alalahanin natin noong ang kanilang pananampalataya ay napagod, at sila ay nanghina, sila ay nagpadala sa kanilang maling isipin at pain ng kaaway. At may nagawa silang mali na hanggang ngayon ay apektado ang mundo. Ito ang pagbigay ni Sara ng kanyang alipin na si Hagar kay Abraham na kung saan si Ismael ay ipinanganak na siya namang ama ng mga Taga Arabia. At yaong matagal na nila inaantay na si Isaac na siya namang Ama ng mga Hudyo. Dahil sa kanilang pagod na pananampalataya, naapektuhan ang buong mundo.

Naalala ko yung talata sa biblia na nagsasabing "At huwag tayong mangapagod sa paggawa ng mabuti: sapagka't sa kapanahunan ay magsisipagani tayo, kung hindi tayo manganghihimagod. Kagaya noong kapatirang babae na nagkamali ng pagbasa sa aming Bible study, Alalahanin natin sila Abraham at Sara, tayo din ay maaring maging mahina sa bitag ng kaaway, panghawakan natin ang Pangako ng ating Diyos sa atin. Wag tayo panghinnaan ng loob kung wala man resulta agad ang ating mga panalangin.

Palaging sinasabi ng aking asawa na kung hindi man niya makita ang *revival* na ipinangako ng Diyos, siya ay naniniwala pa rin na mangyayari ito. Hindi ito tungkol sa akin o sayo, Hindi natin alam kung saan hahantong ang ating mga ginagawa sa buhay na ito, ngunit tandaan natin na sa panahon na ang ating pananampalataya ay sinusubok, ang Diyos ay nandyan para sa atin.

Marahil sa tagal ng panahon na ikaw ang naglilingkod sa Diyos, ikaw ngayon ay nakakaramdam na ng panghihina, Sa oras na ito, ikaw ay aking papaalalahanan, Kapag sinusubok ang iyong pananampalataya, wag mong hayaan na ito ay manghina, (*when your faith is tried, don't let it get tired!*)

Kapag nagkamali ka ng pagbigkas ng salitang *tried* sa *tired*. Sa tutuo lang nangyayari talaga ito sa atin nang hindi natin namamalayan. Araw araw pinapanalangin ko sa Diyos na palagi ko mapanghahawakan ang kanyang mga pangako. Kahit na ako ay sinusubok, hindi ko hahayaang ang aking pananampalataya ay maghihina. Sa tulong ng ating Diyos.

Tala: si Jerolyn Kelley ay masayang gumagawa bilang missionary sa Northern Europe. Nakatira siya sa Glasgow, Scotland at nagpapasalamat na mainam sa Diyos dahil sa kanyang asawa, mga anak at apo.

---

From the Mailbox

Dios les bendiga

Gracias por los correos, los he estado recibiendo en Inglés, pero gracias a Dios, me di cuenta que también lo tienen en Español, estoy feliz de poderlos recibir en Español!! Se que seguirán siendo de gran bendición para mi vida y para todas las hermanas de mi congregación, donde la mayoría mas que todo entendemos Español. Gracias y estaré atenta. -Gloria Q

(Translation) God Bless you

*Thank You for the post, I have been receiving in English, but thanks to God, I realized that I also have it in Spanish, I am happy to be able to receive in Spanish!! I know you will continue to be of great blessing for my life and for all the sisters of my congregation, where the majority more than all we understand Spanish. Thank you and i will be attentive. -Gloria Q*

---

## Mula sa Editor




### Ang Diyos ay Gumagawa ng mga Dakilang Bagay!

Ang Diyos ay patuloy na nagbubukas ng pinto, Ang pahayagang ito ay mayroon na ring English, Spanish, French, German, Dutch, Portuguese, Russian, Greek, Arabic, Farsi, Czech, Chinese, Swahili, Hungarian, Tagalog, Indonesian, Romanian, Italian, Norwegian, Polish, Hindi, Georgian, Japanese, Swedish at Vietnamese, Swedish, Vietnamese, Bangla and Thai

Kung nais nyong magkaroon ng mga iba't ibang transleasyon mula sa taas, maari lamang na mag request sa LadiesPrayerInternational@aol.com. Kami ay masayang magpadala ng kopya para sa inyo!

!

[Visit Ladies Prayer International on Facebook and "like" our page!](#)



Mayroon tayong mga *followers* mula sa USA, Hong Kong, Philippines, Sweden, Greece, Colombia, Canada, Mexico, China, Kenya, Croatia, The Netherlands, Ghana, Jamaica, Puerto Rico, South Africa, Fiji, Australia, Austria, Cyprus, Malaysia, Pakistan, Italy, India, France, Chile, England, Ethiopia, Lebanon, Trinidad, Tobago, Norway, Honduras, Sri Lanka, New Zealand, Solomon Islands, Haiti, Indonesia, Papua New Guinea, Uganda, Rwanda, Scotland, Denmark, South Korea, Nigeria, Bolivia, Turkey, Japan, Germany, Bulgaria, Portugal, El Salvador, Thailand, United Arab Emirates, Afghanistan and Vanuatu.

Dear Prayer Team Leader, Please visit Ladies Prayer International on Facebook and "Like" our page!! [Facebook Ladies Prayer International Link](#)

Also, please invite your group to subscribe to this FREE newsletter at: <http://www.ladiesministries.com/programs/ladies-prayer-intl> or email request to: [LadiesPrayerInternational@aol.com](mailto:LadiesPrayerInternational@aol.com)

Please share this information with your church, friends and family. Thank you for being a part of this thriving prayer ministry and for helping us spread the word about the FREE newsletter and Facebook page!

---

### Ministry Links

[Ladies Prayer International](#)  
[UPCI Ladies Ministries](#)  
[More to Life Bible Studies](#)  
[Today's Christian Girl](#)  
[World Network of Prayer](#)  
[UPCI](#)  
[My Hope Radio](#)  
[Multicultural Ministries](#)  
[Ladies Prayer International on Facebook](#)



**Sino kami?** . . . Simula pa noong 1999: ang "Ladies Prayer Intl." ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

**Ang aming misyon** . . . Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

**Aming kailangan** . . . Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

**Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..**

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38)



### Ministries we support...

#### TUPELO CHILDREN'S MANSION

Children live in an environment with opportunity to grow spiritually, physically and emotionally.

**NEW BEGINNINGS** Maternity care for birth mothers considering adoption and child placement for adoptive couples.



**HAVEN OF HOPE** A program for girls ages 13-16 with behavioral and emotional issues.

**LIGHTHOUSE RANCH** for BOYS Healing broken and hurting lives of teen boys



## Do You Subscribe to Reflections Magazine?

This bi-monthly publication will bless and inspire you. Articles are biblical and relevant to today's apostolic lady. Subscribe for yourself, a friend, or order a bundle for your church.

**Subscribe online!**

See what's happening on our social sites:



UPCI Ladies Ministries | LadiesPrayerIntl@aol.com | 636-229-7895 |  
LadiesMinistries.org

UPCI Ladies Ministries, 36 Research Park Court, Weldon Spring, MO 63304